



BC Centre for Disease Control
Provincial Health Services Authority

Nontuberculous Mycobacteria Disease Nontuberculous Mycobacteria Disease

Ano ang Nontuberculous Mycobacteria (NTM) Disease? (What is Nontuberculous Mycobacteria (NTM) Disease?)

Ang NTM ay bacteria na mahahanap sa kapaligiran. Ang palanghap ng bacteria na ito sa iyong mga baga ay maaaring magdulot ng sakit sa mga taong nasa mabuting kalusugan at sa mga taong may mahinang immune system. Ang sakit na NTM ay pinaka-karaniwang nakakaapekto sa baga ng adults, pero maaari rin nito maapektohan ang anumang bahagi ng katawan. Ang bacteria ng NTM ay bihirang-bihirang nakakahawa, hindi tulad ng tuberkulosis (TB). Parami nang parami ang mga tao sa buong mundo na mayroong sakit ng NTM.

Ano ang sanhi ng sakit ng NTM? (What causes NTM disease?)

May mahigit sa 160 iba't-ibang uri ng bacteria ng NTM. Ang ilang mga uri ay mas karaniwan sa iba't-ibang mga bahagi ng mundo kaysa sa iba. Ang mga pinaka-karaniwang uri ay *Mycobacterium avium complex (MAC)*, *Mycobacterium abscessus complex*, at *Mycobacterium kansasii*. Ang lahat ng mga tao ay lumalanghap ng bacteria ng NTM pero kaunting-kaunti lamang na mga tao ang nagkakasakit ng NTM.

Sino ang nagkakasakit ng NTM? (Who gets NTM disease?)

Ang ilang mga tao ay mas malamang na magdidebelop ng sakit ng NTM. Ang mga taong may sakit sa baga tulad ng bronchiectasis (lumaki ang airways), chronic obstructive pulmonary disease (COPD), cystic fibrosis, alpha-1 antitrypsin deficiency, o mga taong nagkaroon na dati ng impeksyon sa baga (tulad ng TB) ay mas malamang na magkakasakit ng NTM.

Ano ang mga palatandaan at mga sintomas ng NTM na sakit sa baga? (What are the signs and symptoms of NTM lung disease?)

Ang NTM ay nagdudulot ng mga sintomas na tulad ng mga sintomas ng pulmonya, at ang mga sintomas na ito ay hindi umaalis:

- Ubo nang may dura (plema o mauhog)
- Pagkapagod (pagod na pakiramdam)
- Lagnat
- Umuubo ng dugo
- Hindi plinanong pagbawas ng timbang
- Pangangapos ng hininga
- Pinagpapawisan sa gabi

Paano nadidiyagnos ang skit ng NTM? (How is NTM disease diagnosed?)

Maaaring mahirap malaman kung sino ang may taglay ng bacteria at walang sakit (tinatawag namin itong “colonized”) at kung sino ang may tunay na sakit ng NTM. Ang diyagnosis ay depende sa:

- mga test na nagpapakita na naroroon ang bacteria ng NTM, **AT**
- radiology (chest x-ray o CT scan), **AT**
- clinical judgement batay sa mga sintomas at iba pang mga test na nagpapakita ng ebidensiya ng sakit

Ang dura (plema o mauhog) ay tinitingnan sa ilalim ng microscope upang makita kung mayroong bacteria ng NTM. Gumagawa rin ng cultures upang makita kung lumalaki ang bacteria. Ang ilang NTM ay lumalaki sa loob ng ilang mga araw pero ang iba naman ay inaabot nang ilang mga linggo bago sila lumaki.

Ang pinakamainam na paraan upang makakuha ng sample ng dura ay ang dumura ng tatlong sample ng dura sa umagang-umaga sa iba't-ibang mga araw. Paminsan-minsan, kapag mahirap kumuha ng mga sample, o kung ang mga ito’y hindi malinaw, maaaring kailangang magpasok ng manipis na flexible tube na may camera (bronchoscope) sa iyong mga baga upang makakuha ng mga sample. Kung apektado ang ibang mga bahagi ng katawan, maaari ring kailangang mangolekta ng fluids o tissues.

Hihingin ng iyong health care provider ang iba pang mga test tulad ng chest x-ray o CT scan. Tatalakayin ito sa iyo ng iyong health care provider para malaman mo kung aling mga test ang pinakamainam para sa iyo at kung ano ang ipinapakita nitong mga resulta. Ang sputum cultures ay karaniwang inuulit habang ikaw ay ginagamot upang malaman kung gumagana ang treatment.

Paano ginagamot ang sakit ng NTM? (How is NTM disease treated?)

Ang treatment ay depende sa uri ng bacteria ng NTM na nagdudulot ng sakit. Ang treatment ay maaaring mas successful para sa ilang mga uri ng bacteria ng NTM kaysa sa iba. Karaniwan ay ginagamot ang NTM sa mga baga gamit ang tatlo o higit pang mga antibiotic hanggang ang sputum cultures ay negative nang 12 buwan. Madalas na inaabot nang 18 buwan bago matapos ang buong kurso ng mga gamot laban sa NTM. Ang ilang mga antibiotic na ginagamit upang gamutin ang NTM tulad ng MAC ay ang macrolides (azithromycin/clarithromycin), ethambutol, at rifamycins. Paminsan-minsan ay maaaring toxic o mahirap inumin ang NTM dahil sa side effects o masasamang epekto, kaya’t oobserbahan ka nang husto habang ikaw ay ginagamot. Kabilang dito ang mga clinic appointment, blood work o pagsuri ng dugo, at iba pang mga test. Maaari ring gamitin ang ibang mga therapy, tulad ng airway clearance.

Ano ang dapat mong gawin ngayon? (What do you need to do now?)

- Kumuha ng medikal na atensyon kung mayroon kang mga sintomas ng pulmonya na nagtatagal nang mahigit sa dalawang linggo.
- Kung ikaw ay ginagamot para sa pulmonya, sabihin sa iyong health care provider kung ang iyong mga sintomas ay hindi bumubuti o kung ikaw ay umuubo ng dugo.
- Inumin ang lahat ng iyong mga gamot at antibiotic tulad nang inireseta.
- Tandaang magpabakuna laban sa trangkaso (“flu”) bawat taon.
- Iwasan ang paggamit ng mga produkto ng tabako o paglantad dito.